

County ng San Diego

Patnubay sa Pagdiriwang ng Kapistahan sa Pasasalamat sa panahon ng COVID-19 na Pandemiko

Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at siguraduhin na manatiling ligtas ang mga pamilya sa panahon ng selebrasyon ng 2020 na kapistahan ng Pasasalamat, ang County ng San Diego ay naghahandog ng patnubay para sa pinakaraniwang mga aktibidad :

Mga Aktibidad ng Pasasalamat

Rinerekomenda

- Malayuang mga kaganapan ng pamilya at mga kaibigan, tulad ng virtual na kainan sa Pasasalamat, pagbahagi ng resipe, virtual Turkey Trot, o online na mga palaro.
- Televised o live streaming na kaganapan sa tahanan kasama ang mga miyembro ng iyong sambahayan.
- Panlabas na orchards, pamilihan ng pagkain, at pana-panahong mga craft na peryahan kung saan ang [patnubay ng estado](#) ay nasusunod at ang mga tao ay gumagamit ng hand sanitizer, nagsusuot ng pantakip sa mukha, at nagpapanatili ng 6 na talampakan distansiya mula sa iba.
- Kumuha ng flu shot upang protektahan ang iyong sarili at bawasan ang komplikasyon mula sa trangkaso o virus ng COVID-19.

Hindi Rekomendado

- Ayon sa [mga konsiderasyon sa paglalakbay ng Centers for Disease Control and Prevention \(CDC\)](#), ang paglalakbay ay nagpapataas ng tyansa na makakuha at makakalat ng COVID-19. Ang pananatili sa tahanan ang pinakamabuting paraan upang protektahan ang iyong sarili at ang iba.
- Pagdalo sa mga in-person na kaganapang palaro, parade, at mga sinehan na may mahigit sa 3 sambahayan ang naroon.
- In-person Black Friday o ibang kaganapan sa pamilihan kung saan may malaking pagtitipon-tipon ang mga indibidwal.

Hindi pinapayagan

- Ayon sa [Patnubay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California \(CDPH\)](#), ang in-person na mga kaganapan o mga Salo-salo na may mahigit sa 3 sambahayan ay hindi pinapayagan, kahit na ito ay isinasagawa sa labas. Tandaan, ang mas maliit at mas maikling pagtitipon ay mas ligtas.
- Ang mga karnabal, piyesta, at live entertainment ay hindi pinapayagan dahil sa malapitang pakikisalamuha na nagpapataas sa panganib ng impeksyon.
- In-person na Turkey Trots o kaparehong mga aktibidad ay hindi pinapayagan dahil kinakailangan ang mg kalahok na maglakad o tumakbo nang malapitan, at mahirap ang pagpapanatili ng pisikal na pagdistansiya.

Mas Ligtas na mga Alternatibo

Anumang tradisyonal na mga aktibidad ng pasasalamat ay maaaring mataas-na-panganib sa pagkalat ng virus. Mayroong mas ligtas, na alternatibong mga paraan upang magdiwang at kasama ng sumusunod :

- Konsiderahin ang virtual na koneksyon sa pamamagitan ng video calls o pagbabahagi ng video. Tulad ng nakahandang pagkain sa Pasasalamat o mga kasangkapan sa pamamagitan ng online food delivery na serbisyo at kumain nangs asalo-salo nang virtually.
- Mamili nang online kaysa sa in persona Black Friday deals.
- Magbigay ng donasyon an pakain sa isang drive-through na mobile na pantries, o online food bank fundraisers.
- Magdiwang ng [Berdeng Biyernes](#) sa pamamagitan ng pagbisita ng lokal na parke o preserve para sa mga aktibidad para sa pamilya.
- Bumisita sa mamili-ng-iyong gulay at prutas sa mga bukid at sundin ang [Mga Patnubay ng Deparatmento ng Pagkain at Agrikultura ng California](#).

Personal na Proteksyon na mga Hakbang

Paano mo man ipagdiriwang, patuloy na sundin ang [Kautusan ng Pampublikong Pangkalusugan ng County ng San Diego](#), [Patnubay sa Kalusugan ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan \(CDPH\)](#), at ang [Mga Patnubay sa Kapistahan ng Pasasalamat ng CDC](#). Upang manatiling ligtas sa panahon ng kapistahan ng taglamig 2020, tandaan na :

- Maghugas ng kamay o maglinis ng iyong kamay nang madalas, at linisan ang mga madalas na nahahawakan na mga bagay nang regular.
- Iwasan ang malapitang pakikisalamuha – manatiling 6 na talampakan mula sa ibang tao na hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Iwasan ang panloob an espasyo na hindi pinapayagan ang pagdistansiya ng 6 na talampakan sa pagitan mo at ang iba at sundin ang [patnubay ng estado](#) para sa pribadong panlabas na pagtitipon sa hanggang 3 sambahayan.
- Tamang pagsuot ng [nararapat na pantakip sa mukha](#) sa iyong bibig at ilong kapag nasa labas ng iyong tahanan at sa paligid na hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Manatili sa iyong tahanan ay umiwas sa iba kung ikaw ay may sakit, may sintomas ng COVID-19, o may nakasalamuha na sinumun na may sakit o may sintomas ng COVID-19.
- Sundin ang mga direksyon kung ikaw ay inabiso na [magbuklod](#) o [quarantine](#).

Para sa mga katanungan , makipag-ugnay sa SafeReopeningComplianceTeam@sdcounty.ca.gov.



Binago noong 11-18-2020

www.coronavirus-sd.com

